# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 46*
# *Paglilingkod sa Dios at Paggawa ng Kanyang Kalooban*

***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. 3 Sapagka't sinasabi ko, sa pamamagitan ng biyaya na sa akin ay ibinigay, sa bawa't tao sa inyo, na huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog kay sa nararapat niyang isipin; kundi magisip na may kahinahunan, ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng Dios sa bawa't isa. 4 Sapagka't kung paanong sa isang katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain:5 Ay gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay Cristo, at mga sangkap na samasama sa isa't isa. 6 At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin, kung hula, ay manganghula tayo ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya; 7 O kung ministerio, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministerio; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; 8 O ang umaaral, ay sa kaniyang pagaral: ang namimigay, ay magbigay na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nahahabag ay magsaya." (Roma 12:1-8 KJV)***

Habang nagtitiis tayo sa paghahandog ng ating bahagi ng ating katawan sa Dios bilang haing buhay, habang sinisikap nating huwag makiayon sa sanglibutang ito, at habang handa tayong magbago sa pamamagitan ng pagpapanibago ng ating pagiisip ng lumang mga alintuntunin at masamang mga bagay at palitan ang mga ito ng Salita ng Dios, ng mga kautusan at tuntunin ng Dios, kung gayon malalaman natin, masisiyasat at mapapatunayan natin kung ang ano ang napakamabuting kalooban ng Dios, ***"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:1-2 KJV)***

***"3 Sapagka't sinasabi ko, sa pamamagitan ng biyaya na sa akin ay ibinigay, sa bawa't tao sa inyo, na huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog kay sa nararapat niyang isipin; kundi magisip na may kahinahunan, ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng Dios sa bawa't isa." (Roma 12:3 KJV)*** Narito ang panawagan para sa pagpapakumbaba. Ang bawat isa sa atin ay hindi dapat magisip sa kanyang sarili na mas malaki kaysa kanyang anyo. Nais ng Dios sa atin na magpakumbaba upang makipag ugnayan tayo sa isa't isa bilang tayo ay nasa katawan ni Cristo. Ang kababaang loob ay maghahantong sa atin na maglingkod sa isa't isa sa katawan ni Cristo. ***"4 Sapagka't kung paanong sa isang katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain Ay gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay Cristo, at mga sangkap na samasama sa isa't isa.***

Kapag tayo'y nabago at naaayon sa Dios at sa isa't isa, at nalalaman na at handang ipamuhay ang kalooban ng Dios kung gayon ang Banal na Espiritu ay pupuspusin tayo at ipagkakaloob sa atin ang mga espirituwal na mga kaloob upang ang lahat ng bahagi ng ating katawan ay gumawa para sa kaluwalhatian ng Dios. Ito ang pangako ng Dios, ***"33 Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan;" (Jeremias 31:33 KJV)*** Ipinangako ng Dios na isusulat Niya ang Kanyang Salita sa loob ng bahagi ng ating mga katawan, sa utak, sa mga mata, sa mga tenga, sa bibig, sa dila, sa puso, sa mga braso, sa mga kamay, sa mga daliri, sa dibdib, sa tiyan, sa mga binti, paa, tuhod at sa lahat ng mga organo sa katawan. Gagawin iyon ng Dios kapag puspos tayo ng Banal na Espíritu, ibibigay sa atin ang mga kaloob ng Espiritu na ang bawat bahagi ng ating mga katawan ay gagana upang makamit at gawin ang kalooban ng Dios. Ang bawat bahagi ay batid ang bawat takdang gawain sa bagong buhay na inihanda ni Cristo para sa atin upang ipamuhay.

***"6 At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin, kung hula, ay manganghula tayo ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya; 7 O kung ministerio, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministerio; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; 8 O ang umaaral, ay sa kaniyang pagaral: ang namimigay, ay magbigay na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nahahabag ay magsaya." (Roma 12:1-8 KJV)***

Ang Espirituwal na mga kaloob ay ibinigay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu para sa kapakinabangan ng mga kasapi ng katawan ni Cristo. Ito'y nangangailangan mula sa atin na paunlarin ang mga ito at gamitin ang mga ito nang kusang loob upang maglingkod sa Dios. Ang sumusunod ay ang maikling paglalarawan ng mga kaloob na ito:

1. Panghuhula: Pagpapahayag ng buong kalooban ng Diyos at kung ano ang mangyayari.
2. Pagmiministeryo: Ang paglilingkod sa iba at tulungan sila na maibigay ang kanilang mga kailangan.
3. Pagtuturo: Upang tiyak na ilarawan sa mga tao ang Banal na Kasulatan at kung paano nila ito ipapamuhay sa kanilang buhay.
4. Pangangaral: Upang hikayatin ang mga tao na magpatuloy silang lumakad sa landas ng pananampalataya at magtiis doon.
5. Pagbibigay: Magbigay sa kailangan ng iba.
6. Namumunno: Upang pamunuan ang iba at tulungan sila na abutin at kamitin ang kalooban ng Dios.
7. Pagpapakita ng habag: Upang ibigay at tulungan ang mga taong may suliranin o krisis.

Sa lahat ng mga paglilingkod na ito ang Banal na Espiritu ang tutulong sa atin na makamit iyon at ilagay sa ating puso ang totoong pagibig ng Dios na mag aakay sa atin upang makamit at mamuhay at makipag-ugnayan sa mga taong nakapalibot sa atin at sa isa't isa nang naayon sa kalooban ng Dios. Ang Banal na Espiritu ay sasaatin at gagawin tayong mga tagapagbigay ng serbisyo.

***"9 Ang pagibig ay maging walang pagpapaimbabaw. Kapootan ninyo ang masama; makisanib kayo sa mabuti. 10 Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba; 11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon; 12 Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin; 13 Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal; maging mapagpatuloy.14 Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain. 15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak. 16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka. 17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao. 18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao. 19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. 20 Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo. 21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:9-21 KJV)***

Ano ang mga bagay na matutunan natin tungkol sa pagibig?

***"9 Ang pagibig ay maging walang pagpapaimbabaw. Kapootan ninyo ang masama; makisanib kayo sa mabuti." (Roma 12:9 KJV)*** Ang pagibig ay dapat maging tapat, malinis at walang pagpapaimbabaw. Kailangan nating siyasatin ang ating mga motibo. Lahat tayo ay tinawag at dapat maging tagapagbigay ng paglilingkod. Ang bawat isa sa atin ay dapat tanungin ang kanyang sarili kung para saan niya ginagawa ang mga bagay na ito? Ginagawa niya ba ito para sa Dios, para sa kapakinabang ng iba, o para sa sariling kapakinabangan? Ang pagibig ay dapat kamuhian ang masama at ingatan ang mabuti. ***"21 Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti; 22 Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama." (1 Tesalonica 5:21-22 KJV)*** Ang dalisay na pagibig ay kapag nagpasya tayong kamuhian ang masasamang gawain at ingatan ang mabuti. Ang dalisay na pagibig ay kapag nagpasya tayong kamuhian ang kamunduhan, mga salu-salo, imoralidad, pagsasayang ng salapi, pagtsitsimisan, kakulangan ng pangako, hindi pagpapatawad, galit, at ang lahat ng masasamang gawa, at simulang gawin kung ano ang mabuti.

*Ang buhay na ating naranasan kay Cristo bilang isang simbahan ay magtutulak sa atin na matuklasan ang maraming katotohanan, ang mga lihim ng Dios at ang Kanyang kalooban. Bukod pa rito tinuruan tayong manindigan nang matatag at ingatan ang lahat ng katotohanan na ating natutunan at natuklasan. * Natutunan nating paalisin at alisin ang ilang bagay. Itinuro sa atin ng Kasulatan na kamuhian ang masama at gawin lamang ang mabuti. Itinuturo sa atin ng Banal na Kasulatan na kamuhian hindi lamang ang makalamang mga bagay kundi kamuhian maging ang ating mga kasuotan na nadungisan ng ating tiwaling laman, ***"At ang iba'y inyong iligtas, na agawin ninyo sa apoy; at ang iba'y iyong kahabagan na may takot; na inyong kapootan pati ng damit na nadungisan ng laman." (Santiago 1:23 KJV)*** Ito ang tunay na pagibig kapag nanindigan tayo sa katotohanan, na huwag makipagkompromiso huwag magpakita ng pagkatakot sa tao, kundi matakot sa Dios at kamuhian ang masama, at ito ang pagibig.

Tayo ay tinuruan na gamitin nang maingat ang ating mga pananalapi upang iwasang mangutang, at ito ang pagibig.

Tayo tinuruan upang maging maingat tungkol kung paano manamit upang maiwasang malantad ang bahagi ng ating katawan, at ito ang pagibig.

Tayo ay tinuruan upang maging maingat tungkol sa nakasanayang pagkain, na matalinong gumastos, magluto sa bahay at iwasang kumain sa restawrant at magsayang ng salapi at ito ang pagibig.

Panghawakan ang mabuti at iwasan ang anumang uri ng masama, at ito ang pagibig.

***“10 Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba;” (Roma 12:10 KJV)*** Muli dito kailangan nating siyasatin ang ating motibo. Ginagawa ba natin ang ginagawa natin upang pasiyahin ang ating pagkamakasarili o para sa ikabubuti ng iba? ***“3 Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; 4 Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba.” (Filemon 2:3-4 KJV)*** Kung wala tayo sa sentro ng kalooban ng Dios, ang ating pagibig ay hindi dalisay at makasarili. Kailangan nating tanggalin ang ating mga pribelihyo upang parangalan ang Dios. Kailangan nating alisin ang ating mga pribiliheyo upang gawin ito. Wala tayong magagawa mula sa ating pagkamasarili at walang kabuluhang kayabangan kundi gawin ito sa Dios para sa kapakinabangan ng ibang tao. Kailangan nating pahalagahan ang iba kaysa sa ating sarili at ipapakita natin iyon sa pagtulong sa kanila upang maibigay ang kanilang pangangailangan.

***“11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon;” (Roma 12:11 KJV)*** Kailangan nating mapagtagumpayan ang ating katamaran at maglingkod sa Dios nang may kasipagan at kasigasigan. Kailangang isantabi natin ang ating katamaran at maging handang magsikap. Maging handang magtiis, upang maglingkod sa Dios, at Siya ang magpapalakas sa atin, upang magawa natin ang lahat ng bagay nang masaya, matiyaga at tiyak.

***“12 Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; mamatiyagain sa pananalangin;’’ (Roma 12 :12 KJV)*** Sa tiyak na pagkakataon tayo ay dumadaan sa ilang masasakit na mga pamamaraan sapagkat tayo ay naging baluktot at gumawa ng mali sa nakaraan. Halimbawa, si Abraham ay nakagawa ng maling pagpili sa pakikinig sa kanyang asawa na maging asawa si Agar. Ito’y naghantong sa kanya ng maraming mga suliranin. Kinailangan ng Dios na alisin si Agar at Ismael sa kanyang buhay. Ito’y napakasakit na pamamaraan. Ngunit kailangan niyang pagdaanan ito. * Ang Dios ay kumikilos sa napakasakit na mga pamamaraan lalo na pagdating sa damdamin. * Inilalagay natin ang ating sarili sa maling mga pangyayari noon; kaya ngayon kailangan nating dumaan sa mga masasakit na pamamaraang ito. Kailangan nating magalak sa pag-asa, panatilihing nakangiti, nagtitiwala sa Dios at Siya lamang ang mag-aalis sa atin mula rito. * Ang mga bundok ay maakyat at ang mga pagsubok ay dadaan sa pamamagitan ng katapatan sa pananalangin at sa paghihintay sa Dios na gagawa ng paraan upang makaalis tayo doon.

***“13 Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal; maging mapagpatuloy.” (Roma 12:13 KJV)*** Sa lahat ng mga masasakit na pamamaraang ito, kailangan pa rin nating maging tagabigay ng paglilingkod sa mga banal. Sa kabila ng lahat ng pagdurusa tayo ay tinawag upang maging pagpapala sa ibang mga banal, na kasama nating sumusunod kay Cristo.

***“14 Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain.” (Roma 12:14 KJV) **** Hindi natin ito trabaho na sumpain o labanan ang mga taong namumuhi sa atin kundi kailangan nating manindigan at magtiis. * Tayo ay tinawag upang protektahan ang ating mga sarili ngunit huwag maghiganti. * Kailangan nating gawin ang kung ano ang kinakailangan mula sa atin at huwag dapat nating gawin ang mga bagay na hindi sinabi ng Dios na gawin natin. * Wala tayong panahon sa pagsumpa at paghihiganti. Kung gagawin natin iyon kung gayon mauubusan tayo ng panahon. ***“14 Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain.” (Roma 12:14 KJV)*** Pagpalain ninyo sa inyo’y namumuhi at nagsisumpa sa inyo sa pagpapahayag sa kanila ng Salita ng Dios at ng buong kalooban ng Dios.

***“15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak.” (Roma 12:15 KJV) **** Kailangan nating makigalak sa mga tao kapag sila’y ginantimpalaan at alalayan sila sa kanilang kailangan. * huwag dapat tayong mainggit o manibugho sa mga ginantimpalaan ng Dios, kundi sundan natin ang kanilang halimbawa at gawin ang mabuti sa paningin ng Dios.

***“16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka.” (Roma 12:16 KJV) **** Kailangan nating magkaisa ng pagiisip sa isa’t isa. Sa pagkakaroon ng iba’t ibang pag iisip ay walang pagkakasundo. * Kailangan nating magkaroon ng pag iisip ni Cristo. Si Lot at Abraham ay naghiwalay dahil wala silang iisang pag iisip.

Nang sinabi, ***Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan,*** ay huwag isipin ang makamundong mga bagay at ang mga bagay at pagiisip laban kay Cristo. Ang ating pagiisip ay dapat malinaw at alinsunod sa Salita ng Dios at mga tagubilin. Minsan ang mga tao'y darating nang may sarili silang mga plano na naglalaman ng mga bagay na kapalaluan dahil sa pagmamataas at kasamaaan. * Ang pagmamataas ay nakakabulag sa ating mga mata. KAYA NAMAN SINASALIKSIK NATIN ANG BANAL NA KASULATAN PARA SA diresksyon ng Dios. Ang mga walang pakikipagkasundo sa Salita ng Dios, tiyak na ililigaw nila tayo. Kung gayon kailangan nating iwasan sila. * Ang ating pagpapatuloy sa Salita ng Dios at sa mga kautusan ng Dios ay magpoprotekta sa atin at mag-aalis sa atin mula sa nakakapinsala at makamundong mga tao.

***"17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao." (Roma 12:17 KJV)*** * Hindi tayo dapat magsayang ng panahon sa paghihiganti mula sa mga nanakit sa atin. Kailangang gamitin natin ang ating panahon upang gawin ang kalooban ng Dios. * Ang mga tuntunin na ating natutunan mula sa Salita ng Dios ay kailangan nating ipamuhay at kailangan nating isagawa. * Kailangan nating ipaliwanag ang mga tuntunin ito at liwanagin ang mga ito sa iba upang malaman nila ang ating paninindigan upang hikayatin silang sundan ang ating halimbawa.

***"18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao." (Roma 12:18 KJV)*** Ito ay masakit na makipamuhay sa pakikipagkasundo at kapayapaan, Kailangan nating gawin ito nang may katikayan. Sinabi ni Apostol Pablo, ***"21 Sapagka't iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri, hindi lamang sa paningin ng Panginoon, kundi naman sa paningin ng mga tao." (2 Corinto 8:21 KJV)*** Nasasaktan tayo na gawin ang kalooban ng Dios. Ginagawa natin ang mga bagay na tapat hindi lamang sa paningin ng Dios kundi sa pati na rin sa mga tao. Ginagawa natin kung anong kinakailangan ng Dios at iniiwan ang lahat ng iba pa.

***"19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. 2O Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo." (Roma 12:19-20 KJV)*** * Huwag maghiganti, parurusahan ng Dios ang masasama. * Kailangang pangalagaan natin ang ibang mga bagay. Ang kaaway, (ang mga taong namumuhi sa Dios at umuusig sa atin) huwag dapat tayong maghiganti sa kanila, kundi dapat natin silang bigyan ng evangelio. ***Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw."*** Kailangan nating ilaan ang pag-abot sa bagong mga tao, ang panahon, pananalapi, pagsisikap, salapi at pagkain, Maari nating silang pakainin at bigyan sila ng maiinom. Ang mga tao sa panahong iyon ay gumamit upang ibahagi ang ningas sa panahon ng taglamig. Walang pospuro. Kundi dinadala nila ang nag-aapoy na uling sa kanilang bahay-bahay upang ilawan ang apoy na sisidlan na kanilang dinadala sa kanilang ulo. Sa parehong paraan, sa pagbibigay sa kanila ng evangelio sa mga namumuhi sa Dios at namumuhi sa atin, ibinibigay natin sa kanila na may pagkukusa na mamuhay para sa mas maayos at walang hanggang buhay.

***Sa aking mahal at minamahal: "21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:21 KJV)*** Dinadaig natin ang masama kasama ng Dios sa paggawa ng paglilingkod sa Dios. Sinsikap ng diablo ang pinakamahusay upang tuksuhin tayo upang alisin tayo sa paggawa ng mga bagay ng Dios, ngunit ang Banal na Espiritu ang ating patnubay, ang ningas ng Banal na Espiritu na nasa atin ang magtutulak sa atin upang sumulong sa ating paglakad. Sinasaway natin ang lahat ng gawa ng diablo sa pangalan ni Jesus.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong salita na nagturo sa akin ng higit ng iyong mga daan. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan* _________________.

*Tayo ay magsisi ngayon mula sa ating mga kasalanan* _________________.

*Panginoon isinusuko ko ang aking buhay sa iyo. Handa akong tumalima sa mga tuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Ipinangako ko ang buhay upang maglingkod sa iyo, upang maging tapat, at matapat hanggang sa huli, at maglilingkod sa iyo malayo sa paghihiganti at labanan ang masama ng kabutihan. Panginoon turuan mo pa ako ng iyong mga daan habang ako'y sumusulong sa aking paglilingkod sa iyo. Panginoon gawin mo akong tagapagbigay ng paglilingkod at pagpapala sa iba. Pangunahan mo ako sa pageevangelioo sa bagong mga tao at dalhin sila sa iyo. Panatihin mo ako ng mabuting kalusugan at palakasin mo ako at ibigay ang aking pangangailangan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 46. Paglilingkod sa Dios at Paggawa ng Kanyang kalooban. Roma 12:1-21. Jeremias 31:33. 1 Tesalonica 5:21-22. Santiago 1:23. Filemon 2:3-4. 2 Corinto 8:21

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com